

# Pagpapabuti sa kaligtasan kapag gumagamit ng mga wildlife mitigation devices sa mahahabang linyang pamingwit ng tuna



Dapat gumamit ang mga nangingisda ng tori lines at pagpapabigat ng linya upang protektahan ang mga pain sa mahahabang linya na makuha ng mga ibong-dagat. Maaaring mapanganib gamitin ang kagamitang ito para sa mga tripulante.

**i** Maaaring mahirap ihanda at makuhang muli ang mga tori lines, na makasasanhi ng mano-manong paghawak at iba pang mga pinsala.

**i** Ang mga pinabigat na kagamitan sa pangingsda ay maaaring umatras pabalik sa bangka kapag napuwera, na nagsasanhi ng mga pinsala sa mga mangingisda dahil sa “paghampas pabalik” (flyback)

**i** Ang mga paghampas pabalik (flybacks) ay maaaring umatras sa bilis na hanggang 250km/oras.

**i** Ang mga paghampas pabalik (flybacks) ay nakapagsanhi na ng malalaking pinsala, kapansanan at pagkamatay sa mahahabang linyang pamingwit sa buong mundo.



## Mga aksyon para mabawasan ang mga insidenteng pagkaligtasan kapag nangingisda:



**Gumamit ng mga binagong sliding safety leads.**

Mababawasan nito ang mga pangyayari ng paghampas pabalik (flyback) nang hindi naapektuhan ang dami ng huli.



**Iwasang gumamit ng mga pinabigat na kawit, o swivels sa loob ng 1 metro ng kawit.**

Kapag mas malapit ang isang pabigat sa dulo ng branchline, maaaring maging mas mapanganib ito sa senaryo ng flyback.



**Gumamit ng pinasadyang safety bar o screen upang mailihis o masalo ang mga flyback.**



**Gumamit ng tori lines na gawa sa mas magagaan na materyales at may nababaklas na droppers upang mapabuti ang paghawak at pagkakagamit.**

**Batay sa pananaliksik ng Tuna Australia at mga partner:**

**Fishing line flyback simulation project August 2023**

**Mga Awtor:** Dr Tom Mitchell Ferguson, Dr Roberto Ojeda, Dr Nick Rawlinson

**Fishing line simulation project Part II August 2024**

**Mga Awtor:** Dr Tom Mitchell Ferguson, Dr Roberto Ojeda

Ang mga rekomendasyon sa kaligtasan na ibinigay dito ay para sa mga layunin ng pangkalahatang impormasyon lamang at hindi bumubuo ng propesyonal na payo o isang garantiya ng pagpigil sa insidente. Ang mga user ay responsable para sa pagtatasa ng mga panganib batay sa mga partikular na sirkumstansya at dapat na sumunod sa lahat ng mga naaangkop na batas, regulasyon, at pinakamahuhusay na kasanayan sa industriya. Ang tagapagbigay ng impormasyong ito ay itinatuwa ang anumang pananagutan para sa pagtitiwala sa mga rekomendasyong ito.

**Sinusuportahan ng:**

